


Ang Moorebank Intermodal Precinct (MIP) ay isa sa pinakamahalagang sentrong pang-industriya ng Australia na nakatakdang magpabago sa pambansang daloy ng produkto sa pamamagitan ng paglilipat ng kargamento mula sa daan papuntang riles, na nagpapabawas sa mga gastos, polyusyon, at nagpapahusay ng paghahatid.

## Ang Kmart Group ay sumali sa Moorebank Intermodal Precinct

Noong nakaraang buwan, sinamahan ng mga kasosyo ng Moorebank Intermodal Precinct sina NSW Deputy Premier at Minister for Western Sydney Prue Car, at ang CEO ng Kmart at Target na si John Gualtieri, upang ipahayag na ang Kmart Group ay magpupundar ng isang bagong 100,000 metro kuwadradong Omnichannel Fulfilment Centre sa Precinct.

Nakatakdang magbukas sa kalagitnaang bahagi ng 2027, itong makabagong pasilidad ay magsusuporta sa pambansang paglago ng Kmart Group sa pamamagitan ng pagbibigay-kakayahan sa mas mabilis na panahon ng paghahatid, mas mahusay na pamamahala ng imbentaryo, at isang mas mahusay na karanasan para sa mamimili sa magkaparehong online at loob ng tindahan.

Ipinagmamalaki naming tinatanggap ang Kmart Group sa Moorebank Intermodal Precinct na gaganap ng isang papel sa pagbuo ng susunod na henerasyon ng daloy ng mga produktong ibebenta ng pang-tingi sa Australia.

Sa ibaba: ESR A&NZ Chairman John Marsh; National Intermodal CEO John Baulderstone; NSW Deputy Premier Prue Car; Kmart at Target CEO John Gualtieri; at ESR A&NZ CEO Phil Pearce.



Moorebank Intermodal Precinct




# Moorebank Avenue Realignment Smoking Ceremony




Noong ika-29 ng Mayo, masigasig naming tinanggap si Raymond Weatherill mula sa Metropolitan Local Aboriginal Land Council sa Precinct upang pangunahan ang isang seremonya ng pagpapa-usok (smoking ceremony) na humuhudyat sa pagsisimula ng mga gawain sa Moorebank Avenue Realignment. Itong makabuluhang kaugalian ay pinaniniwalaang may pisikal at banal na mga katangian ng paglilinis - na pumipigil sa mga masasamang espirito at pinoprotektahan iyong mga taong naglalakad at nagtatrabaho sa lupain.

Ang proyektong Moorebank Avenue Realignment ay nakatakdang magpapatuloy ng humigit-kumulang na 18 buwan. Kapag nakumpleto na, ang inayos na daan ay magpapahusay sa pamamahala ng trapiko at magpapabuti sa kaligtasan ng mga motorista, siklista at mga taong naglalakad.

Sa itaas: Uncle Raymond Weatherall,
Metropolitan Local Aboriginal Land Council

Moorebank Intermodal Precinct

## Mga Oras ng Operasyon at Konstruksyon

ng aprobadong mga oras ng pagpapaandar sa Intermodal Facility (pati ang Import Export Terminal, Rail Link at Warehousing) ay 24 oras, 7 araw kada linggo.

**Mga trabaho sa labas sa oras ng opisina (Out-of-Hours)**

Ang aming mga patrabaho ay kadalasang ginagawa sa loob ng mga karaniwang oras ng konstruksyon, ngunit maaaring may mga ilang aktibidad na nangangailangan ng pagtatrabaho sa labas ng mga oras ng opisina (out-of-hours) upang mapaliit ang epekto sa komunidad, ang mga gumagamit sa daan at lokal na negosyo.

Itong mga patrabaho ay ipapahayag nang maaga sa www.moorebank.au at sa paglalagay ng mga pulyetos sa mga letterbox para sa mga residente at negosyong maaapektuhan.

**Ang aprobadong batayan sa mga oras ng pagtatrabaho sa konstruksyon ay:**

**Moorebank Precinct East**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga hanggang ika-6 ng gabi
Sabado:
ika-7ng umaga hanggang ika-1 ng hapon

**Moorebank Precinct West**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga hanggang ika-6 ng gabi
Sabado:
ika-8 ng umaga hanggang ika-1 ng hapon

## Pakikipag-ugnayan

Upang makipag-ugnayan tungkol sa anumang mga bagay sa itaas, humingi ng impormasyon o gumawa ng reklamo:


Level 15, 207 Kent Street,
Sydney, NSW, 2000

1800 986 465 (24/7)

moorebank@tsariley.au


